REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF EDUCATION
NATIONAL CAPITAL REGION
SCHOOLS DIVISION OFFICE – MARIKINA CITY
Shoe Ave., Sta. Elena, Marikina City
+63 (02) 682-2472 / 682-3989 (CID) / 369-9046(SGOD)
https://depedmarikina.ph / (email) sdo.marikina@deped.gov.ph

July 23, 2018

MEMORANDUM TO:

CID and SGOD Chiefs
Education Program Supervisors
Public Schools District Supervisors
Elementary School Principals
Secondary School Principals
Officers-In-Charge
Public and Private Schools

DIVISION OF CITY SCHOOLS
MARIKINA
RELEASED
JUL 23 2018
RECORDS UNIT

Please find the herein communication dated July 11, 2018 from **Prof. Adriano DC. Balagot** of *Pamantasan ng Lungsod ng Marikina* regarding invitation to a research congress in Filipino with the theme **"Damlayan sa Filipinolohiya II,"** to be held at Teatro Marikina on September 1, 2018, contents of which are self-explanatory.

For your information and guidance.

For:
SHERYLL T. GAYOLA
Officer-In-Charge
Office of the Schools Division Superintendent

By:
ELISA O. CERVEZA
CID Chief
OIC, Office of the Superintendent

Pamantasan ng Lungtsod ng Marikina
INSTITUTE OF GRADUATE STUDIES
555 Campus, Rainbow St., Marikina City

1830399
DIVISION OF CITY SCHOOLS
MARIKINA
RECEIVED
12 JUL 2018
RECORDS UNIT

Hulyo 11, 2018

Kgg. Sheryl T. Gayola
OIC, Schools Division Superintendent
Division of Marikina City

PARAANIN SA KINAUUKULAN

Mahal na Gayola:

Pagbati ng kapayapaan at mabuting pakikipagkapuwa-tao!

Ang DAMLAY_IGS ng Institute of Graduate Studies ng Pamantasan ng Lungsod ng Marikina ang isa sa mga organisasyong nangungunang tagapagsulong at tagapamanday ng wika, kultura at sining sa ilalim ng programang MA sa Filipinolohiya.

Sa darating na Setyembre 1, 2018, bilang bahagi ng Institusyonal na pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa, ang naturang organisasyon ay naglalayong pangunahan ang pagtataguyod ng isang *Research Congress* na makikila sa titulong "***DAMLAYAN SA FILIPINOLOHIYA II***". "Filipino: Wika ng Saliksik" na itinakda ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang magsisilbing salalayang tema ng kongreso. Ang rehistrasiyon po ay nagkakahalaga ng PhP100.00 para sa printing ng mga sertipiko at iba pang mga gastusin (hindi po kasali sa naturang halaga ang pagkain).

Layunin ng gawaing ito na tugunan ang pambansang pangangailangan sa komprehensibong paggamit at pagsasapraktika ng wika at diskursong Filipino sa iba't ibang disiplina at larang sa pamamagitan ng mga pag-aaral at pananaliksik-panlipunan. Higit pa, bahagi rin ng pagtatangkang ito ang maitampok ang kakayahan at kasanayan ng mga mananaliksik mula sa ating pamantasan at maging sa labas ng ating akademikong komunidad: makita ang marami pang mga posibilidad sa paglikha ng mga saliksik mula sa iba't ibang lapit, metodo, dalumat, at teorya sa espasyo ng inter/multi-disiplinaryong praksis.

Kaugnay po nito, magalang na inaanyayahan ang mga guro na nagtuturo ng mga asignaturang Filipino, Araling Panlipunan at iba pang mga kaugnay na asignatura na makadalo at makilahok sa naturang gawain na takdang isakatuparan sa nabanggit na petsa sa ***Teatro Marikina*** mula ika-7:00 NU– ika-6:00 NG.

Pagpalain po nawa tayo ng Poong Maykapal.

Kalakip po nito ang kaugnay na mga mechanics at daloy ng palatuntunan na magsisilbing gabay sa kabuuang proseso ng programa.

Lubos na gumagalang,

PROF. ADRIANO DC BALAGOT, *PhD, FRIEdr*
Gabay-Diwa, DAMLAY_IGS/MAFIL

Nababatid:

DR. ANTONIO S. VALDEZ
Dekano, Institute of Graduate Studies

PROF. LINK DANIEL DE TORRES
Pang. Hangulo, Lingkurang Akademiko

Binigyang pahintulot ni:

DR. ERICO M. HABIJAN
Pamantasang Lungsod ng Marikina

TITULO NG PROYEKTO: DAMLAYAN SA FILIPINOLOHIYA II

TEMA: Filipino: Wika ng Saliksik

PETSA: Setyembre 1, 2018

LUGAR AT ORAS
Teatro Marikina (mula ika-8:00 ng umaga hanggang ika-5.30 ng hapon)

Pagkukunan ng Pondo: Magmumula sa kontribusiyong PhP100.00 ng mga dadalong propesiyonal (hindi sakop ng halaga ang pagkain, ito ay para sa printing ng sertipiko at iba pang mga gastusin)

RATIONALE

Paglulunsad ng isang Research Congress upang maisulong ang Filipino bilang wika ng saliksik sa larang ng Filipinolohiya, maging sa mga kaugnay na disiplina at iba pang disiplina tulad ng Agham at Matematika.

LAYUNIN

- Malkintal sa isipan ng komunidad ng Pamantasan ng Lungsod ng Marikina ang kahalagahan ng wikang pambansa bilang pangunahing wika ng saliksik sa Pilipinas sa iba't ibang larangan at/o disiplina sa pamamagitan ng isang research congress/conference.
- Maisapraktika ang hakbang-hakbang na pagtugon sa pambansang pangangailangan sa pagsusulong ng paggamit ng wikang pambansa sa iba't ibang saliksik-panlipunan, mga kaugnay na mga disiplina, at maging sa iba pang mga disiplina at asignatura gaya ng Agham at Matematika.
- Mapataas ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral at guro sa larang ng wika at asignaturang Filipino maging sa mga kaugnay na disiplina sa progresibong gamit ng Filipino bilang wika ng pananaliksik.

MEKANIKS SA PAGBABASA/PRESENTASYON NG MGA SALIKSIK

Poster Presentation

- 1.0m width x 1.5m height
- Title, Problems, Findings, Conclusion
- Short bio note (max. of 200 words) of the Author/Researcher

Oral Presentation

Sa loob ng 15 hanggang 20 minuto ay babasahin o ipepresenta ng mananaliksik ang kanyang papel. Dalawang (2) beses siyang paaalalahanan ng tatayong moderator: ang una ay sa ika-10 minuto at ang ikalawa naman ay sa ika-15 minuto ng kanyang presentasyon upang matalakay niya nang buo ang papel hanggang sa kongklusyon nito.

Maaaring gumamit ang nasabing mananaliksik ng PowerPoint presentation sa kanyang presentasyon subalit dapat ay sa ganap na ika-11 ng Agosto, 2018 (11:59pm) ay maipasa na sa mga organisador ang kanyang PPT file, maging ang buong word document ng kanyang ipepresentang pag-aaral o saliksik. Tanging ang mga papel na nasa pdf format lamang ang tatanggapin. Maaaring ipadala ng mga nagnanais na makapagbasa ng kanilang pag-aaral ang mga file sa email address na [redacted].

Matapos ang presentasyon ng lahat ng mga kalahok ay magkakaroon ng bukas na talakayan – pangungunahan ito ng uupong lupon ng mga reaktor at susundan naman ng mga tagapakinig na nagnanais makapagtanong sa mga mananaliksik. Bibigyan ng sapat na oras at pagkakataon ang mga nagnanais na makapagtanong upang maging produktibo ang pagbabahaginan ng mga pananaw at maging mabunga ang nasabing gawain.

Ang tatayong komite ng rebyuwer ng mga abstrak at mga panelista ay mga sumusunod:

Lupon ng Rebyuwer
Prof. Adriano DC Balagot, *Tagapangulo*
Prof. Jomar Adaya, *Miyembro*
Dr. Ruen P. Lomo. *Miyembro*

Lupon ng Panelista
Dr. Erico M. Habljan, *Tagapangulo*
Prof. Romeo P. Peña, *Miyembro*
Dr. Elenita M. Tiamzon, *Miyembro*

Ang mga opisyal at piling mga kasapi ng DamLay IGS ang tatayong pangkalahatang komite sa pag-oorganisa sa nasabing gawain.

Pamantasan ng Lungtsod ng Marikina
INSTITUTE OF GRADUATE SCHOOL
SSS Campus, Rainbow St., Marikina City

DALOY NG PROGRAMA
(Ika-18 ng Agosto, 2018 – Teatro Marikina)

DAMLAYAN SA FILIPINOLOHIYA II

7:00am-8:30am	**REHISTRASYON/PAGPAPATALA**
8:30am-9:00am	**PANALANGIN AT PAGKANTA NG PAMBANSANG AWIT**
9:00am-9:15am	**PAMBUNGAD NA PANANALITA** Dr. Antonio S. Valdez Dekano, PLMar_IGS
9:15am-9:30am	**INSPIRASYONAL NA MENSAHE** Buwan ng Wika 2018: "Filipino, Wika ng Saliksik" Dr. Erico M. Habijan *Pangulo, Pamantasan ng Lungsod ng Marikina*
9:30am-10:00am	**MENSAHE NG PANAUHING PANDANGAL** Kgg. Marcelino R. Teodoro *City Mayor, Lungsod ng Marikina*
10:00am-10:05am	**PAGPAPAKILALA SA TAGAPAGSALITA** (Plenary Speaker)
10:05am-11:30am	**PLENARY SESSION**
11:30am-12:00nn	**PAG-AANUNSYO NG MGA BABASAHING SALIKSIK**
12:00nn-1:00pm	**LUNCH TIME**
1:00pm-3:30pm	**PRESENTASYON NG MGA PAPEL PANANALIKSIK** *(Poster at Oral Presentations)*
3:30pm-3:45pm	**NATATANGING BILANG** (Pagtatanghal ng Isang Spoken Word Piece)
3:45pm-4:45pm	**BUKAS NA TALAKAYAN** (Pangungunahan ng Lupon ng Panelista at susundan ng mga tanong mula sa mga tagapakinig)
4:45pm-5:00pm	**PAGGAGAWAD NG MGA SERTIPIKO NG PAGKILALA AT PAGLAHOK**
5:00pm-5:15pm	**PANARANG PANANALITA** G. Gerome Nicolas Dela Peña *Pangulo, DamLay-Institute of Graduate Studies*